


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

**2**

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8:
## Talino’t Kakayahan Ko, Papaunlarin Ko



**Pangalan:** ___________________________________

**Baitang at Seksyon:** ___________________________________

**Paaralan:** ___________________________________



# Alamin

Ang kakayahan sa paggawa ng mga bagay ay maari lamang maging maganda at kapaki-pakinabang kung ito ay gagamitin sa mabuting paraan upang mapasaya ang kapwa.

Ang talino ay kakayahan na kung magagamit nang mahusay ay makakatulong nang malaki sa ating pamayanan. Tungkulin nating paunlarin ang mga talentong ibinigay sa atin.

May ilang bagay tayong kailangang gawin upang mapaunlad ang ating mga talento.

Una, kailangan nating tuklasin ang ating mga talento. Dapat nating suriin ang ating sarili upang malaman ang ating mga kalakasan at kakayahan.

Pangalawa, kailangang handa tayong mag-ukol ng panahon at pagsisikap upang mapaunlad ang talentong nais natin.

***EsP2PD- IVe-i– 6***

- Pagpapaunlad ng talino at kakayahang bigay ng Panginoon.



# Subukin

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang dapat nating pasalamatan sa mga biyayang tinatanggap natin araw-araw?
   **A.** guro **B.** nanay **C.** Diyos
2. Paano natin maipapakita ang ating pasasalamat sa talinong naangkin?
   **A.** gamitin ito **B.** ikahiya **C.** ipagyabang

3. Ano ang mararamdaman mo kapag ibinahagi mo ang iyong talino at kakayahan sa iyong kamag-aral?
   **A.** masaya **B.** malungkot **C.** magyayabang

4. Si Tina ay mahusay lumangoy. Tuwing Sabado at Linggo, tinuturuan niya ang mga batang gusto rin matutong lumangoy.

   Ano ang kanyang ipinakikita?
   **A.** kayabangan **B.** masama **C.** karunungan

5. May lalahukang balagtasan ang inyong paaralan. Ikaw ang naatasan ng iyong guro na magturo sa iyong kamag-aral dahil mahusay ka sa pagtula.

   Ano ang gagawin mo?
   **A.** Pumayag sa guro kaya lang ay di tutupad.
   **B.** Tuturuan ang kaklase nang buong husay.
   **C.** Magtuturo ngunit hindi ibabahagi ang iba pang nalalaman.

| Modyul 8 | Talino't Kakayahan Ko, Papaunlarin Ko! |
|---|---|

Sa araling ito, lilinangin ang kaisipang talino at kakayahan na dapat gamitin sa paraan na maaring makatulong sa ating kapwa.



## Balikan

Isulat sa patlang ang pagtulong na ipinakita sa bawat larawan.





*Pag-asa sa Gitna ng Delubyo*
Posted on August 9,2012https://bit.ly/2VCtdV1



7Ar https://bit.ly/39JlQDs

1. ________________ 2. ______________ 3. _____________



https://bit.ly/33Le7RI



https://bit.ly/2IhKUWY

4. ________________ 5. ______________



## Tuklasin

Si Lyka ay mahusay kumanta. Nalaman niya ito dahil kapag kumakanta siya, papuri ang kanyang naririnig. Kapag hinihiling siyang umawit, nagpapaunlak siya. Ipinakita ni Lyka na siya ay laging handa. Kinatutuwaan siya kaya't nasisiyahan si Lyka. Maraming tao ang nasisiyahan sa tuwing naririnig ang kanyang magandang boses.

Sagutin ang mga tanong.

1. Paano nalaman ni Lyka na mahusay siyang kumanta?
_______________________________________________
2. Paano ibinahagi ni Lyka ang kanyang kakayahan sa pag-awit?_______________________________________
_______________________________________________

**Panuto:** Bilugan ang bilang ng larawan na nagpapakita ng kakayahan at ikahon ang hindi nagpapakita?

3. 

https://ph.lovepik.com/image-401292369/girls-singing-and-

4. 

https://ph.lovepik.com/image-401588338/sleeping-student.html

5. 

https://ph.lovepik.com/image-401433702/children-learn-to-draw.html



## Suriin

Ang talino at kakayahan ay maari lamang matuklasan kung ito ay mailalabas ng bawat tao. Dapat itong paunlarin sa iba't- ibang pamamaraan tulad ng pagsasanay, pagtuturo, pagsali sa mga palatuntunan, paligsahan at ibahagi sa iba upang maging kapaki-pakinabang. Laging tandaan na ang " Angking talino ay kayamanan, ibahagi ng mapakinabangan."



## Pagyamanin

**Panuto:** Sa mga ipinakitang kakayahan at talento sa ibaba, alamin natin kung kaya mo ring gawin ito. Kulayan ang mga masayang mukha(☺)kung tinataglay mo ang mga kakayahan o talentong ito. Kung hindi, kulayan ang malungkot na mukha ( ☹ )

☺ ☹ 1. Kaya kong magpatawa.

☺ ☹ 2. Kaya kong umawit.

☺ ☹ 3. Kaya kong tumugtog ng mga instrument.

☺ ☹ 4. Kaya kong lumangoy.

☺ ☹ 5. Kaya kong sumayaw.



## Isaisip

Panuto: Pag-aralan ang sumusunod na mga sitwasyon. Gumuhit ng puso (  ) sa patlang kung ito ay nagpapahiwatig ng patungkol sa pagpaapunlad ng kakayahan at talento. Kung hindi, lagyan ito ng ekis (X)

________1. Naku! Ang pangit naman ng guhit mo.

________2. Anak, halika at tuturuan kitang maglaro ng basketbol.

_________3. Maganda ang boses mo Kryss.  Maaari ka bang kumanta sa kaarawan ko?


_________4. Hindi pwede! Kailangan niyang matuto mag-isa.

_________5. Halika na Flairre. Kailangan nating mag-ensayo ng ating sayaw.



# Isagawa

**Panuto:** Mag-isip ng mga kakayahan o talento na kaya mong gawin.Isulat sa bawat daliri na nakaguhit sa ibaba.



http://www.clker.com/clipart-two-hands-1.html



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.Ano ang dapat ibahagi sa iba upang pakinabangan?

**A.** Trabaho at pera **B.** Kakayahan at talino
**C.** Panahon at tiwala

2. Kanino ka dapat magpasalamat sa iyong naangking mga kakayahan at talento?
   **A.** Kuya **B.** Magulang **C.** Diyos

3. Ano ang gagawin mo sa angking galing sa pagguhit sa tuwing may paligsahan sa inyong paaralan?
   **A.** Sasali upang mapaunlad ang aking kakayahan.
   **B.** Magtatago upang hindi makita ng aking guro.
   **C.** Liliban ako sa klase.

4. Ipinagdiriwang sa inyong paaralan ang Buwan ng Wika, nais ng inyong guro ng magtula ka.
   Ano ang gagawin mo?
   **A.** Ipagawa sa iba mong kaklase ang pagtula.
   **B.** Magsanay sa pagbigkas ng tula upang maging handa sa palatuntunan.
   **C.** Tatanggihan ko ang iyong guro.

5. Isa ka sa pinakamagaling na manlalaro sa chess sa inyong paaralan ngunit ang iyong matalik na kaibigan ay hindi marunong maglaro nito.
   Ano ang gagawin mo?
   **A.** Hahayaan lang na manood sa inyo.
   **B.** Matiyagang tuturuan hanggang matuto ito.
   **C.** Kukutyain na hindi marunong maglaro.



# Sanggunian

Pag-asa sa Gitna ng Delubyo
Posted on August 9,2012/ Accessed Date December 4,2020.
https://alaminmokasi.wordpress.com/2012/08/09/pag-asa-sa-gitna-ng-delubyo/
Source image: Ang mga batang babae ay kumakanta at naglalaro ng plauta, ID. No. 401292369, Date access: November 26, 2020
https://ph.lovepik.com/image-401292369/girls-singing-and-playing-the-flute.html
Source image: Umiiyak maliit na batang lalaki, ID. No.610824037,/ Date access: November 26, 2020
https://ph.lovepik.com/image-610824037/hand-drawn-cartoon-crying-little-boy.html
Source image:Natutulog na mag-aaral, ID No. 401588338, Date access: November 26,2020
https://ph.lovepik.com/image-401588338/sleeping-student.html
https://ph.lovepik.com/image-401416135/boy-playing-basketball.html
Source image: Natututo ang mga bata upang gumuhit, ID. no. 404133702, Date access: November 26, 2020
https://ph.lovepik.com/image-401433702/children-learn-to-draw.html
Source Image: Batang babae ng kartun na umaawit sa labas, ID. No. 401347580, Date access: November 26,2020
https://ph.lovepik.com/image-401541860/teacher-tutoring-students-to-write-homework.html
Source image: Father and son play basketball, Date access: November 27,2020
https://www.canstockphoto.com/father-and-son-play-basketball-family-66783166.html
Source image:Pagtulong sa kapwa/ Supplemental Filipino High School Grade 7 4th Q. Date access: November 26, 2020
http://rexinteractive.com/UserFiles/IM/Pointers-Filipino-2/Supplemental%20Filipino%20High%20School%20Grade%207%204rth%20Q.pdf
Source Image: Parent help teach kid illustration, Date access: November 27, 2020
https://www.shutterstock.com/image-vector/parent-help-teach-kid-illustration-1499176034
Source Image: Student clipart holding hands, Date access: November 27, 2020
https://flyclipart.com/student-clipart-p-boy-school-clip-art-clipart-diverse-students-clipart-706563
Source image: Two hands clipart, Date access: November 26,2020
http://www.clker.com/clipart-two-hands-1.html
Source image: Ang kamay ay iginuhit ng cartoon na batang tumulong sa matanda,ID. No. 611004084, Date access: November 27, 2020
https://ph.lovepik.com/image-611004084/hand-drawn-cartoon-helping-old-man-cross-the-road.html
Source Image: Stock photo, Bayanihan, Date access: Dec. 03,2020
https://www.123rf.com/photo_75296705_bayanihan.html
Source image: Pagtulong sa kapwa sa panahon ng baha; Date access: Dec. 3,2020
https://alaminmokasi.wordpress.com/tag/baha
Source image: Pagtulong sa kapwa,Liza and Enrique Gil distribute gift to the street dwellers, Date access: Nov. 26,2020
http://www.fashionpulis.com/2017/12/insta-scoop-liza-soberano-and-enrique_22.html
Source image: Boy clipart teacher image; Date access: Dec. 3,2020
https://webstockreview.net/explore/boy-clipart-teacher/

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **Joylyn A. Montieza**
Teacher III
Habib Moin Anduhol Memorial. Elementary School
Zamboanga Sibugay Division
Editor: **Rethel Ann C. Dadulo**
**Mary Grace A. Hore**
Tagasuri: **Baby Aida S. Awang**
Rowena D. Quiboyen
**Mona Lisa M. Babiera**, EPS-EsP
Tagapamahala:
**Evelyn F. Importante**, OIC-CID Chief EPS
**Aurelio A. Santisas**, OIC ASDS
**Jerry C. Bokingkito** , OIC ASDS
**Jeanelyn A. Aleman**, CESO VI, OIC SDS